

1

AP Tek

Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan

May-akda

Inah Mariz Peralta

**Aligned with
MATATAG Curriculum**

APTek 1

Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan

May Akda

Inah Mariz Peralta



Trademark ng TechFactors Inc.

Karapatang-ari 2024 ng TechFactors Inc.

Reserbado ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal na sipiin ang anomang bahagi ng aklat na ito nang walang pahintulot mula sa mga may-akda o sa tagapaglathala.

Unang limbag ng ikalawang edisyon, 2024
ISBN

Inilathala ng TechFactors Inc.
Inilimbag sa Pilipinas

Manunulat: Inah Mariz Peralta

Tagapagdisenyo ng Pabalat: Christian Andrew B. Sabado

Pangkat ng Pamamahala: Inah Mariz Peralta

Tagaguhit at Tagapagdisenyo: Joseph Timothy Bago

Exclusively distributed by TechFactors Inc.
101 V. Luna Ave., Sikatuna Village,
Diliman, Quezon City
1101 Philippines

Telephone number: (632) 8929 6924
Email address: info@techfactors.com
Website: www.techfactors.com

Images with license from Freepik (<https://www.freepik.com>)

Ang nilalaman ng aklat na ito ay pagmamay-ari ng TechFactors Inc. at pawang mga orihi-
nal at sariling katha ng may akda, kabilang dito ang mga larawan at ilustrasyong ginamit sa
bawat aralin. Anomang pagkakawangis ng ibang larawan sa likha ng iba ay hindi sinasa-
dya at nagkataon lamang.

PAUNANG SALITA

Ninangis ng TechFactors Inc. na gawing epektibo, may patutunguhan, at makabuluhang karanasan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad at may katuturang kagamitan para sa mga Pilipinong mag-aaral. Itinataguyod ng TFI ang edukasyonal na pag-unlad sa mga programang akademiko sa mga paaralan at tinutugunan ang kanilang pangunahing kasanayansaiba'tibanglarang. Pinalalagorin ang indibidwalidad ng mga mag-aaral, kakayahang solusyonan ang mga problema, at malikhaing kakayahan gamit ang outcome-based approach. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na maging mapang-usisa at kusang magtuklas mula sa sarili nang sa gayon ay magkaroon sila ng mayamang karanasan.

Ang aming layunin ay magbigay ng makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral mula K-12 ayon sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang Makabansa Kurikulum. Ang bagong kurikulum na ito ay hindi lamang nakakaimpluwensya sa estilo ng pagtuturo kundi pati na rin sa mga pamamaraan ng pagsusuri, na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapanatili ng kaalaman. Ang aming disenyo sa pagtuturo ay nakahanay sa konteksto ng Pilipinas na bumubuo sa koneksyon ng praktikal na aplikasyon at nagtataguyod ng kolaborasyon at malikhaing kakayahan sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, tinitiyak namin na makakamtan ng mga mag-aaral ang mahahalagang kasanayan para sa ika-21 siglo, kabilang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, pagkamalikhain, at kolaborasyon—mga kasanayang angkop at mahalaga para sa paghahanda sa kanilang pangmalawakang larang.

Sa paggamit ng mga programang pang-edukasyon ng TFI, ang mga tagapagturo ay binibigyan ng mahahalagang sanggunian na nagsisilbing pundasyon para sa pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayang mahalaga sa pagharap ng mga hamon at pagkakataong dulot ng mabilis na pagbabago sa mundo. Ibinabahagi namin ang bisyon ng DepEd na maging inklusibo, integratibo, at makabago ang mga silid-aralan na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga mag-aaral na makatutulong sa pagtataguyod ng isang progresibo at nagkakaisang bansa—isang bansang maunlad sa ekonomiya, matatag sa sosyo-politikal, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at kakayahang magpatuloy sa mahabang panahon.

TechFactors Inc.

Paraan ng Paggamit ng Aklat

Ang paglalarawan sa bawat seksyon ng aralin sa ibaba ay magsisilbing-gabay sa pag-unawa ng nilalaman at layunin ng aklat para sa isang masaya at makabuluhang paglalakbay sa pagkatuto ng mag-aaral.



Layunin

Sa bahaging ito mababasa ang itinakdang layunin at inaasahang matutuhan ng bawat mag-aaral.



Pagsasaka ng Kagalingan

Ito ay naglalaman ng maikling pagsasanay na gagabay sa mga mag-aaral upang maging handa sa tatalakaying aralin.



Pagtatanim ng Kaalaman

Pagtalakay sa paksa ng aralin at mga kaalamang kailangang matutuhan ng bawat mag-aaral.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Naglalaman ng pang-klaseng gawain na nakaugnay sa MAPEH na magtatasa sa mga natutuhan ng mag-aaral sa aralin.



Pagpupunla ng Kahusayan

Naglalaman ng pang-indibidwal na gawain na nakaugnay sa MAPEH na magtatasa sa mga natutuhan ng mag-aaral sa aralin.



Pag-aararo ng Kabuoan

Maikling buod na naglalaman ng mga impormasyon na tinalakay sa buong aralin.

Ano ang Bago?

Kami ay nasasabik na ibahagi ang mga pagpapahusay sa aming APTek *courseware*, na maingat na idinisenyo upang pagyamanin ang iyong paglalakbay sa pag-aaral.

- Ang mga aralin ay nakahanay sa bagong Makabansa Kurikulum mula sa Kagawaran ng Edukasyon.
- Isang komprehensibong pangkalahatang ideya ang idinagdag, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing paksa, layunin, at inaasahang resulta ng pag-aaral sa bawat yunit at aralin.
- Hinimay ang mga aralin para sa mas malinaw na pagtuturo.
- Ginawang mas makatotohanan ang mga pagtalakay upang maging praktikal na aplikasyon sa buhay.
- Mga pagsasanay para sa indibidwal at pangkatang gawain.
- Naglagay ng mga karagdagang makukulay na ilustrasyon sa iba't ibang bahagi ng aralin.
- Itinampok ang mga bago at pinahusay na *interactives*.

TUNGKOL SA MANUNULAT

Inah Mariz B. Peralta

Si Inah Mariz B. Peralta ay nagtapos ng kolehiyo sa kursong Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay nag-on the job training noong 2016 sa People's Tonight at naging Student Teacher sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas noong 2017. Siya ay nakapaglathala ng tesis sa PUP na pinamagatang "*Pagkilatis sa mga Piling Talumpati ni Pangulong Rodrigo Duterte Gamit ang Critical Discourse Analysis*" noong 2017 at nakapaglathala rin siya ng libro sa PUP noong 2017 na pinamagatang "*Leksikograpiya sa Prutas at Gulay*". Siya rin ay nagkamit ng *Dean's Lister*, Parangal: Pagpapakilala at Pagpapahalaga sa Galing at Talinong KAL noong 2014-2017. Naging miyembro rin siya ng KF UTAK (Ugnayanng Talino at Kagalingan) noong 2014-2018, Anakbayan PUP noong 2015-2018, at PUP Tanggol Wika noong 2016-2018. Siya ay nagtatrabaho sa *TechFactors Inc.* bilang *Content Developer* mula 2018 hanggang sa kasalukuyan.

TALAAN NG NILALAMAN

Kabanata 1:	Ang Bawat Tao ay Natatangi	1
Aralin 1	Ang Katangiang Pisikal Ko!	2
Aralin 2	Ang Ating mga Pangangailangan	10
Aralin 3	Ang Aking Interes at Kakayahan	17
Aralin 4	Ang Aking Pangarap	22
Aralin 5	Karapatan at Tungkulin Natin!	29
Aralin 6	Pagpapahalaga sa Indibidwalidad	35
Kabanata 2:	Tayo Bilang Kasapi ng Pamilya	39
Aralin 7	Iba't Ibang Uri ng Pamilya	40
Aralin 8	Ang Kahalagahan ng Ating Pamilya	46
Aralin 9	Ang Iba't Ibang Tungkulin ng Pamilya	52
Aralin 10	Ang Ating mga Alituntunin	57
Aralin 11	Mga Mahahalagang Pangyayari sa Pamilya	62
Aralin 12	Pagpapahalaga ng Pamilya	68
Kabanata 3:	Tayo Bilang Kasapi ng Paaralan	73
Aralin 13	Ang Ating Paaralan	74
Aralin 14	Mga Epekto ng Pisikal na Kapaligiran sa Sariling Pag-aaral	80
Aralin 15	Ang Iba't Ibang Tungkulin sa Paaralan	86
Aralin 16	Ang Iba't Ibang Alituntunin sa Paaralan	92
Aralin 17	Mga Istrukturang Makikita Patungong Paaralan	98
Aralin 18	Ang Pagpapahalaga sa Paaralan	103
Kabanata 4:	Tayo Para sa Ating Pamayanan	108
Aralin 19	Ang Aking Pamayanan!	109
Aralin 20	Ang Aking Pamilya at Paaralan!	117
Aralin 21	Ang Iba pang Bahagi ng Aking Pamayanan	124
Aralin 22	Mahalaga ang Aking Pamayanan	132
Aralin 23	Mga Suliranin sa Aking Pamayanan	141
Aralin 24	Mahahalagang Impormasyon sa Aking Pamayanan	150

KABANATA 1

ANG BAWAT TAO AY NATATANGI

Sa kabanatang ito, mauunawaan na ang bawat tao ay may iba't ibang katangian.

Maipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata.

At mapahahalagahan ang indibidwalidad ng bawat tao.

Ipahahayag ang mga ito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



ARALIN 1

Ang Katangiang Pisikal Ko!



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang katangiang pisikal ng tao. Aalamin at ilalarawan natin ang iba't ibang katangiang pisikal upang mas maunawaan ang gamit at kahalagahan ng mga ito.



Layunin

- ◇ Mailarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang katangiang pisikal.
- ◇ Matukoy at naiguguhit ang iba't ibang pisikal na katangian ng tao.
- ◇ Makasabay sa pagkanta at pagsayaw.





Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Tayo ay maglalaro ng “*Funny Bones*.” Ang guro ay pipili ng magkakapares na mag-aaral. Kasama ang iyong kapares, pagdikitin ang bahagi ng katawan na babanggitin ng inyong guro.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw mga bata! Alam mo ba na may iba’t ibang hitsura at katangian ang bawat tao? Oo, tama! Iba’t iba ang kulay ng ating buhok, mata, balat, at iba pa. Ngayon, tatalakayin natin ang mga katangiang iyon.

Balat




Hindi magkakatulad ang ating balat, mayroong maputi, kayumanggi, at maitim. Ang karaniwang balat ng mga Pilipino ay kayumanggi.

Buhok




Mayroong iba't ibang haba o sukat ang ating buhok. Mayroong maikli, mahaba, o katamtaman lamang. Mayroon din tuwid at kulot ang buhok.

Mata




Ang ating mata ay mayroong iba't ibang kulay at sukat. Karaniwang singkit at kulay itim ang mata ng mga Pilipino. Ginagamit natin ito upang makita ang mga bagay.

Ilong



Iba't iba ang sukat o hugis ng ating ilong. Karaniwang hindi matangos ang ilong ng mga Pilipino, ngunit mayroon din namang matatangos ang ilong. Ginagamit natin ito sa pang-amoy ng mga pagkain o bagay at paghinga.

Labi



Mayroong iba't ibang sukat o hugis ang labi, mayroong makakapal at manipis na labi. Ginagamit natin ito sa pagsasalita.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Sa buong klase, ipaparinig ng guro ang kantang 'Paa, Tuhod, Balikat, Ulo'. Pagkatapos, inyo itong sasabayan sa pagkanta at pagsayaw.



Paa , tuhod, balikat, ulo
Paa , tuhod, balikat, ulo
Paa , tuhod, balikat, ulo
Pumadyak tayo at magpalakpakan.




Paa , tuhod, balikat, ulo
Paa , tuhod, balikat, ulo
Paa , tuhod, balikat, ulo
Pumadyak tayo at magpalakpakan.





Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Gamit ang mga larawan na ipinakita ng ating guro, subukang iguhit at kulayan ang mga bahagi ng iyong katawan.





Pag-aararo ng Kabuoan

- Magkakaiba ang mga katangiang pisikal ng Pilipino.
- Tandaan na lahat ng ating katangian ay nagpapakita ng natatangi.
- Magkakaiba man ang ating katangian, kailangan natin itong pahalagahan at ipagmalaki.

ARALIN 2

Ang Ating mga Pangangailangan



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang pangangailangan ng tao. Ang mga bagay na kailangan ng tao upang mabuhay ay tinatawag na pangangailangan. Ipahahayag natin ito sa pamamagitan ng musika, sining, at kalusugan.



Layunin

- ✧ Mailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang pangangailangan.
- ✧ Mauunawaan ang mga pangunahing pangangailangan ng tao.
- ✧ Maipahahayag ang pangunahing pangangailangan ng tao sa pamamagitan ng musika, sining, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sabay-sabay nating basahin ang tula tungkol sa pangunahing pangangailangan ng tao.

Prutas at gulay ay kainin
Malinis na tubig at hangin
Bahay ay ating mahalin
Ito'y pangangailangan natin.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw mga bata! Ikaw ba ay kumain na? Ano-ano ang masusustansyang pagkain ang kinain mo sa araw na ito? Uminom ka rin ba nang maraming tubig? Para sa iyo, ano ang mga bagay na kailangan natin sa araw-araw? Halina't ating talakayin ang mga pangunahing pangangailangan ng tao.

Kailangan natin ng **tirahan** o **bahay** upang tayo ay may matulugan at maging proteksyon laban sa sobrang init at ulan.



Kailangan natin ng **masusustansyang pagkain** upang lumaking malusog ang ating mga katawan.



Kailangan natin ng **kasuotan**, tulad ng damit at sapatos, upang mapangalagaan ang ating katawan.



Kailangan natin ng **gamot** upang labanan ang sakit.




Kailangan natin ng **malinis na tubig at hangin** upang mabuhay tayong malusog.





Pagbibinhi ng Kasanayan


Panuto: Papangkatin sa tig-lilimang kasapi ang buong klase. Iguhit at kulayan sa isang buong papel ang mga pangunahing pangangailangan ng tao.





Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Mula sa mga larawan, piliin mo ang masusustansyang pagkain na kailangan nating kainin sa araw-araw upang tayo ay maging malusog.





Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang mga pangangailangan ng tao ay tirahan, pagkain, damit, gamot, at malinis na tubig at hangin.
- Kailangan nating alagaan ang ating sarili upang mabuhay nang malusog at masaya.

ARALIN 3

Ang Aking Interes at Kakayahan



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang interes at kakayahan tulad ng pagsayaw, pagguhit, pagkanta, at marami pang iba. Atin itong tutukuyin at ipapakita sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailarawan na ang bawat isa ay may iba't ibang interes at kakayahan.
- ◇ Matukoy ang sariling interes at kakayahan.
- ◇ Maipakita ng mag-aaral ang kanilang mga interes at kakayahan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Halina't maglaro tayo ng *Simon Says!* Ang guro ang magsisilbing Simon, na magsasabi ng kailangang gawin ng mag-aaral. Halimbawa, kung sasabihin ng guro na **"Simon says, hawakan ang ilong,"** ang lahat

ng manlalaro ay dapat hawakan ang kanilang ilong. Ngunit, kung sasabihin ng guro na **“Tumayo sa upuan”** ngunit hindi nabanggit ang *“Simon says”* sa simula, ang sinomang sumunod sa utos ay matatanggal sa laro.




Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Halina't ating alamin ang inyong mga interes at kakayahan.

Ano nga ba ang pagkakaiba ng interes at kakayahan? Ang **interes** ay ang mga bagay na hilig o gusto mong ginagawa. Ang **kakayahan** naman ay ang mga bagay na kaya mong gawin nang may kahusayan o ang tinatawag na talento. Ngayon, ating aalamin ang iyong interes at kakayahan!

Mahilig ka bang gumuhit? Maglaro ng basketbol? Kumanta? O hindi kaya ay sumayaw? Kung gayon, ating kantahin at sayawin ang awiting 'May Tatlong Bibe.'

May tatlong bibe akong nakita
Mataba mapayat mga bibe
Ngunit ang may pakpak sa likod na iisa
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak
Kwak kwak kwak
Kwak kwak kwak
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak


An illustration of a boy on the left and a girl on the right. The boy is wearing a grey shirt and dark pants, with his arms raised and a joyful expression. The girl is wearing a grey jacket over a white shirt and dark shorts, holding a microphone and singing. Both are surrounded by musical notes.

Ano pa ang mga gusto mong kantahin at sayawin?
Bukod sa pagkanta at pagsayaw, ano pa ang madalas
mong ginagawa kapag walang pasok sa klase?



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Mahilig ka ba sa mga instrumentong pangmusika? May kilala ka bang tumutugtog nito? Halina't hulaan natin kung anong mga instrumentong pangmusika ang ipapakitang larawan ng guro.





Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Sa isang buong papel, iguhit ang inyong pamilya o mga kaibigan. Gawin itong makulay at ipasa sa guro.



Pag-aararo ng Kabuoan

Ang ilan sa mga halimbawa ng interes at kakayahan ay:

- **Pagsusulat** – ang isang tao ay maaaring magkaroon ng malalim na interes sa pagsusulat ng tula, kuwento, at iba pa.
- **Musika** – ang pagkakaroon ng interes o kakayahan sa pagtugtog ng instrumento tulad

ng gitara, *piano*, o *violin*.

- **Isports** – ang pagkahilig sa basketbol, *volleyball*, *swimming*, at iba pa.
- **Sining** – ang interes at kakayahan sa pagpipinta, pagguhit, at iba pa.

ARALIN 4

Ang Aking Pangarap



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pangarap. Ating ipagmamalaki at ipahahayag ang sariling pangarap sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon.




Layunin

- ◇ Mailarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang pangarap.
- ◇ Maunawaan ang kahulugan ng pangarap.
- ◇ Mailarawan ang sariling pangarap sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Iparirinig ng guro sa buong klase ang *chorus* ng kantang “Bata, Bata, Ano Ang Pangarap Mo?” ni Sarah Geronimo. Pagkatapos, inyo itong sasabayan sa pagkanta.




Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Halina't ating alamin ang iba't ibang pangarap. Ang **pangarap** ay ang mga bagay na nais mong matupad sa iyong paglaki. Ang sumusunod ay ang mga taong gumagawa ng kanilang trabaho o hanapbuhay. Sila ay naging bata rin katulad mo at nagsimulang mangarap. Pinagbuti nila ang kanilang pag-aaral upang maabot ang kanilang pangarap.

• Guro

Ang guro ang nagtuturo sa mga mag-aaral na bumasa, sumulat, bumilang, at iba pang kaalaman. Tinuturuan din nila ang mga mag-aaral ng kabutihang asal.



- **Doktor**

Ang mga doktor ay ang gumagamot sa mga taong may sakit. Sinisigurado nilang ligtas sa anomang karamdaman ang mga kasapi ng pamayanan.



- **Pulis**

Ang mga pulis ang nagpapanatiling ligtas at payapa sa mga kasapi ng pamayanan. Sila ang nagpapatupad ng mga batas upang maiwasan ang gulo sa isang lugar.



- **Piloto**

Ang mga piloto ang nagmamaneho ng eroplano mula sa isang lugar papunta sa isa pang lugar. Bukod sa pagpapalipad ng eroplano, tungkulin din ng mga piloto na siguraduhing ligtas ang lahat ng pasahero sa loob nito.



Mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap sa buhay.
Anoman ang ating pangarap, mahalagang ipagmalaki mo ito.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Magsasagawa tayo ng isang *dramatic play*.
Iakto sa harap ng klase ang pangarap na gusto mong tuparin.





Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Gamit ang mga lumang magasin, ikaw ay pipili ng mga larawang nagpapakita ng iyong pangarap at gawin itong isang *collage*.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang **pangarap** ay ang mga ninanais para sa sarili.
- Mahalaga ang pagkakaroon ng sariling pangarap ngunit ito ay hindi sapat kung hindi tayo magsisikap.
- Ang pangarap ay kinakailangang samahan ng pag-aaral nang mabuti, pagsasanay, at pagpapahusay ng talento.

ARALIN 5

Karapatan at Tungkulin Natin!



Matututuhan mo sa araling ito ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. Ating ipahahayag ang saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin


- ◇ Maipaliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang bawat karapatan at tungkulin.
- ◇ Maipakita ang pag-unawa sa mga karapatan at tungkulin sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magbibigay ang guro ng mga papel na may nakasulat na sitwasyon at mula rito, aalamin mo kung ito ba ay 'karapatan' o 'tungkulin'. Mula sa papel na inyong hawak, gawin itong eroplanong papel. Ang bawat isa ay

pipila sa harapan ng dalawang basket—ang isa ay para sa karapatan at ang isa ay para sa tungkulin. Paliliparin ito papunta sa basket.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Halina't ating alamin ang karapatan at tungkulin ng bawat bata.



Ang **karapatan** ay ang mga bagay na dapat mong makuha. Halimbawa, karapatan ng bata na makakain, makapag-aral, makapaglaro, at maging ligtas.




Ang **tungkulin** ay ang mga bagay na dapat mong gawin. Halimbawa, tungkulin ng bata na tumulong sa kanilang mga magulang, mag-aral nang mabuti, magpakita ng respeto sa iba, at alagaan ang kanilang kalusugan.





Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Papangkatin ang klase sa tig-lilimang miyembro. Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng karapatang magkaroon ng sapat na pagkain at maging malusog ang bawat bata.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Alam mo bang isa rin sa tungkulin ng mga bata na panatilihin ang sariling katawan? Lalong-lalo na ang inyong mga kamay. Kaya naman, ipapakita ko sa inyo kung paano ang tamang paghugas ng kamay. Pagkatapos, magpatulong i-*video* ang sarili habang naghuhugas ng kamay.



Basain ang mga kamay.



Maglagay nang sapat na sabon.



Sabunin ang buong kamay.



Kuskusin nang maigi ang bawat daliri at mga pagitan nito.



Banlawan ang kamay gamit ang malinis na tubig.



Punasan at patuyuin ang kamay.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang lahat ng bata ay may **karapatan** tulad ng karapatang makakain, makapag-aral, makapaglaro, at maging ligtas.
- Ang bawat bata ay mayroon ding **tungkulin** tulad ng tungkuling tumulong sa kanilang mga magulang, mag-aral nang mabuti, magpakita ng respeto sa iba, at alagaan ang kanilang kalusugan.
- Ang pag-unawa sa mga ito ay makatutulong sa pagiging mabuting bata at mag-aaral.

ARALIN 6

Pagpapahalaga sa Indibidwalidad



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng indibidwalidad o kakayahan ng bawat tao. Ating ipahahayag ang saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng musika, sining, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mapahalagahan ang indibidwalidad ng bawat tao.
- ◇ Matukoy at maunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad.
- ◇ Maipakita ang pagpapahalaga sa indibidwalidad ng bawat tao sa pamamagitan ng musika, sining, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Maglaro tayo! Magsasabi ang guro ng “Sino ang may...” kasunod ang isang katangian tulad ng “mahabang buhok,” “maliit na ilong,” “marunong sumayaw,” “magaling kumanta,” at marami pang iba. Ang mag-aaral na may ganoong katangian ay tatayo at papadyak ng isang beses.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Halina't ating alamin ang kahalagahan ng indibidwalidad ng bawat tao.

Tayo ay isa-isang magpapakilala kung saan ang bawat isa ay magbibigay ng isang bagay o katangian na sa ating palagay ay natatangi. Tara, simulan natin sa pagbabahagi ng ating kaalaman at kakayahan! Bakit ka natatangi? Ano ang talentong iyong maibabahagi?

Tignan mo ang larawan ng mga taong may iba't ibang indibidwalidad o talento na natatangi. Ano ang nagpapakita ng pagiging natatangi?



Bakit kaya magkakaiba ang ginagawa sa larawan? Ano ang nagpapakita ng pagiging natatangi?

Tulad ng nasa larawan, ang mga tao ay may iba't ibang indibidwalidad. Ang bawat katangian ng tao ay may natatanging ganda.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Sabay-sabay nating kantahin ang *"Fruit Salad"* na may ibang *lyrics* ng kanta.



Ako'y natatangi,
Ako'y natatangi
Tulad mo,
Tulad mo,
Tayo'y rumespeto
Tayo'y rumespeto
Palagi
Palagi





Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Iguhit mo sa isang buong papel ang iyong talento o katangian na natatangi. Gawin itong makulay at ipasa sa guro.



Pag-aararo ng Kabuonan

- Ang mga katangian at talento ay nagpapakita ng ating pagiging natatangi at mula rito, nakikilala natin ang ating sarili.
- Tandaan, ang katangian ng bawat isa ay dapat pahalagahan, ipagmalaki, at respetuhin.

KABANATA 2

TAYO BILANG KASAPI NG PAMILYA

Sa kabanatang ito, mauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya. Maipapakita ang mga ito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



ARALIN 7

Iba't Ibang Uri ng Pamilya



Matututuhan mo sa araling ito ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo rito. Ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Maipaliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng *solo parent*, pamilyang *nuclear*, pamilyang *extended*, maliit, at malaking pamilya.
- ◇ Matukoy at makilala ang iba't ibang uri ng pamilya.
- ◇ Maipakita ang pagpapahalaga sa iba't ibang uri ng pamilya sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Pumalakpak ng isang beses kung ikaw ay nabibilang sa *solo parent*, dalawang palakpak kung pamilyang *nuclear*, tatlong palakpak kung pamilyang *extended*, apat na palakpak kung maliit na pamilya, at limang palakpak kung malaking pamilya.




Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!

Ang pamilya ay binubuo ng nanay, tatay, mga anak, at minsan kasama rin ang mga lolo, lola, pinsan, tiyo, at tiya. Ang ating pamilya ang gumagabay, nag-aalaga, at nagmamahal sa atin mula pa noong tayo ay sanggol. Sila rin ang nag-aalaga sa atin kapag tayo ay nagkakasakit.

Sino-sino ang kasapi ng inyong pamilya? Halina't ating alamin ang iba't ibang uri ng pamilya batay sa mga kasaping bumubuo nito:

Ang **solo parent** ay gumaganap bilang nanay at tatay sa anak o mga anak.




Ang **pamilyang nuclear** ay binubuo ng nanay, tatay, at anak o mga anak.



Ang **pamilyang extended** ay kinabibilangan ng mga magulang, anak, Lolo, Lola, mga Tiyo o Tiya, at mga pinsan.



Ang **maliit na pamilya** ay binubuo ng Nanay, Tatay, at nag-iisang anak.



Ang **malaking pamilya** ay binubuo ng Nanay, Tatay, at maraming anak.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Iguhit mo ang sariling pamilya sa isang buong papel. Gawin itong makulay at ipasa sa guro.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Ang buong klase ay maglalaro ng “*Balancing Game*”. Ang guro ay guguhit ng isang linya sa sahig na nagpapakita ng bawat uri ng pamilya. Kayo ay pupunta sa linya kung saang uri ng pamilya kayo kabilang—maaaring *solo parent*, pamilyang *nuclear*, pamilyang *extended*, maliit, o malaking pamilya.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba’t ibang uri ng pamilya, mayroong *solo parent*, pamilyang *nuclear*, pamilyang *extended*, maliit na pamilya, at malaking pamilya.
- Magkakaiba man ang uri ng pamilyang ating kinabibilangan, dapat pa rin natin itong igalang, ipagmalaki, at pahalagahan.

ARALIN 8


Ang Kahalagahan ng Ating Pamilya

Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng pamilya at kung paano nila tayo nabibigyan ng suporta at pagmamahal. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Maipaliwanag ang kahalagahan ng pamilya.
- ◇ Mabigyang-halaga ang pamilya.
- ◇ Maipakita ang kahalagahan ng pamilya sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon.





Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sabay-sabay nating basahin ang tula tungkol sa pangunahing pangangailangan ng tao.

Ang aking pamilya ay mahalaga
Kahit na minsan ay may mga problema,
Patuloy naming minamahal ang isa't isa
Dahil ito ang aming pamilya.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!

Mula sa nakaraang aralin, ating naunawaan ang kahulugan ng pamilya at ang iba't ibang uri nito. Ngayon naman, ating tatalakayin ang kahalagahan ng pamilya.



Ang ating pamilya ang nagbibigay ng ating pangangailangan. Sila rin ang nagbibigay sa atin ng suporta at pagmamahal.



Ang mga magulang ay nagtatrabaho upang maibigay sa mga anak ang ligtas na tirahan, sapat na pagkain, edukasyon, at maayos na buhay. Ang pamilya rin ang unang nagtuturo sa mga anak—kung paano kumilos, gumalang sa ibang tao, tumulong sa kapwa, at iba pang mabuting asal.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Iguhit sa isang buong papel ang paborito mong gawain kasama ang iyong pamilya. Gawin itong makulay at ipasa sa guro.

**Mga Paborito Kong Gawin Kasama ang
Aking Pamilya**



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Humingi ng gabay sa nakatatanda o guro. Gumamit ng mga magasin, lumang larawan, at iba pang kagamitan para lumikha ng isang *collage* na nagpapakita ng iba't ibang gawain at masasayang araw kasama ang iyong pamilya.




Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang kahalagahan ng ating pamilya.
- Kailangan nating pahalagahan ang ating pamilya dahil sila ang sumusuporta at gumagabay sa atin.
- Sila rin ang nag-aalaga at nagbibigay sa atin ng proteksyon.

ARALIN 9

Ang Iba't Ibang Tungkulin ng Pamilya



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng pamilya at kung paano nila tayo nabibigyan ng suporta at pagmamahal. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.




Layunin

- ◇ Maipaliwanag ang iba't ibang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya.
- ◇ Matukoy at maunawaan na ang bawat kasapi ng pamilya ay may tungkulin.
- ◇ Maipakita ang bawat tungkulin ng pamilya sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Isulat sa isang buong papel ang tungkuling ibinigay sa iyo bilang anak at tupiin ito na parang isang sobre.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!


Alam ba ninyo na ang bawat kasapi ng pamilya ay may kaniya-kaniyang tungkulin sa loob ng tahanan? Ikaw, ano ang tungkulin mo bilang isang anak?

Halina't ating alamin ang iba't ibang tungkulin ng pamilya:


Ang **Tatay** ang tinatawag na “**haligi ng tahanan**”. Siya ang karaniwang nagtatrabaho, sinisiguro niyang ligtas ang bawat kasapi ng pamilya. Ang tatay ang karaniwang nag-aayos ng mga sirang gamit sa loob ng bahay.



Ang **Nanay** ang tinatawag na “**ilaw ng tahanan**”. Siya ang karaniwang nag-aalaga sa kaniyang mga anak, nagluluto, naglalaba, o nagtatahi ng mga nasirang damit. Maaari ring ang mga nanay ang katulong ng tatay sa paghahanapbuhay para sa kanilang pamilya.



Ang mga **anak** naman ang karaniwang tumutulong sa mga gawaing bahay, nag-aaral nang mabuti, at pinapahalagahan ang bawat bagay na ibinibigay sa kanila ng kanilang mga magulang.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isa-isa kayong bubunot ng kasapi ng pamilya at mula rito, ibahagi sa klase kung ano ang kadalasang tungkulin nito sa inyong pamilya.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin ang klase sa tig-tatatlong miyembro. Ang bawat pangkat ay magbabahagi ng masusustansyang pagkain na inihahanda ng kanilang magulang.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba't ibang tungkulin ng pamilya tulad ng tatay, nanay, at mga anak.
- Kailangan nating gawin ang mga tungkulin upang magkaroon ng pagkakaisa sa ating tahanan.
- Ang mga tungkulin ang magpapanatili ng kaayusan, kapayapaan, at masayang pamumuhay sa bawat kasapi ng ating pamilya.

ARALIN 10

Ang Ating mga Alituntunin



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang alituntunin sa tahanan tulad ng pagtulong sa gawaing bahay, pagtulog sa tamang oras, at marami pang iba. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.




Layunin

- ◇ Maipaliwanag ang iba't ibang alituntunin sa tahanan.
- ◇ Matukoy at maisa-isa ang alituntunin sa tahanan.
- ◇ Maipakita ang bawat alituntunin sa tahanan sa pamamagitan ng musika, sining, at pisikal na edukasyon.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Isa-isang ipapakita ng guro ang mga larawan ng instrumento sa ibaba:



Kung ang isa sa kasapi ng iyong pamilya ay may instrumentong katulad sa larawan at gusto mo itong hiram, ano ang dapat mong gawin?



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!

Alam niyo ba na ang bawat tahanan ay may kaniya-kaniyang alituntunin? Ikaw, ano ang alituntuning sinusunod mo bilang isang anak?

Talakayin natin ang ilan sa mga alituntunin na kadalasang ipinatutupad sa isang tahanan:

1. Mag-aral nang mabuti. Gawin muna ang mga aralin bago maglaro.



2. Matulog sa tamang oras. Huwag magpuyat.




3. Maging mapagbigay. Huwag magdadamot sa kapwa.



4. Tumulong sa gawaing bahay. Maging masipag at matulungin.



5. Kumain ng masusustansyang pagkain.



Ang mga alituntunin ay mahalaga dahil ito ang gumagabay sa atin upang sundin ang mga tamang gawain. Sa pagsunod sa mga alituntunin sa tahanan, nauunawaan din natin ang kahalagahan ng pagsunod sa ating mga magulang. Kung minsan, nakakalimutan natin ang mga alituntuning ito kung kaya't pinaaalalahanan tayo ng ating mga magulang.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Humingi ng gabay sa nakatatanda o guro. Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng mga alituntunin na ipinapatupad sa inyong tahanan. Idikit ito sa isang buong papel.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin ang klase sa lima. Ang bawat pangkat ay sasayaw kung saan ang mga kilos ay nagpapakita ng mga alituntunin sa kanilang tahanan. Halimbawa: pagsisipilyo pagkatapos kumain, pagliligpit ng higaan pagkagising, pagtulong sa mga gawaing bahay, at iba pa.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo na mayroong iba't ibang alituntunin sa tahanan at ang ating magulang ang kadalasang nagpapatupad nito.
- Mahalagang malaman ang mga alituntunin at nagkakasundo ang bawat kasapi ng pamilya sa pagpapatupad nito.
- Dahil sa ganitong paraan, mas nagiging maayos ang samahan ng pamilya.

ARALIN 11

Mga Mahahalagang Pangyayari sa Pamilya



Matututuhan mo sa araling ito ang mahahalagang pangyayari o pagbabagong nangyayari sa pamilya tulad ng pagkakaroon ng bagong kasapi, pagtatapos ng pag-aaral, at marami pang iba. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailarawan ang mahahalagang pangyayari sa pamilya.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang mahahalagang pangyayari sa pamilya.
- ◇ Maipakita ang iba't ibang pagbabago sa pamilya sa pamamagitan ng musika, sining, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Ang buong klase ay sabay-sabay na aawitin ang kantang “Kung Ikaw ay Masaya”.



Kung ikaw ay masaya

Tumawa ka

Ha ha ha!

Kung ikaw ay masaya

Tumawa ka

Ha ha ha!



Kung ikaw ay masaya

Buhay mo ay sisigla

Kung ikaw ay masaya

Tumawa ka

Ha ha ha!






Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!

Alam mo bang ang bawat pamilya may mahahalagang pangyayari? Maraming mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang pamilya. Halimbawa, ang pagtatapos sa pag-aaral at ang pagdating ng bagong miyembro ng pamilya. Marami pang ibang pangyayari sa buhay ng isang pamilya. Ang mga ito ay maaaring pagbabago sa tirahan na kailangan upang mapunan ang pangangailangan ng paglaki ng pamilya. Kasama rin sa pagbabago ng mga kasapi ng pamilya ay ang pagbabago sa mga gawain.



Kung dati ay pumupunta sa mga palaruan ang pamilya, ngayon ay maaaring pumupunta na sila sa ibang bansa. Kung noon ay tinuturuan ng mga magulang ang

mga anak sa elementarya, ngayon ay maaaring nag-aaral na ang mga anak sa kolehiyo.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Gumuhit ng dalawang larawan. Ang isa ay nagpapakita ng pamilya mo noon at ang isa ay nagpapakita ng pamilya mo ngayon.

Ang Aking Pamilya Noon

Ang Aking Pamilya Ngayon



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin sa dalawa ang buong klase. Ang unang pangkat na may pagbabagong nangyari sa pamilya ay tatalon ng tatlong beses. At ang ikalawang pangkat na walang pagbabagong nangyari sa pamilya ay papadyak ng dalawang beses.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang mahahalagang pangyayari sa pamilya tulad ng pagtatapos ng pag-aaral, pagpunta sa ibang lugar, pagkakaroon ng bagong kasapi, pagbabago sa tahanan, at marami pang iba.
- Ang mga pangyayaring ito ay mahalaga lalo na kung magtutulungan at magkakaisa ang bawat kasapi ng pamilya.

ARALIN 12

Pagpapahalaga sa Pamilya



Matututuhan mo sa araling ito ang pagpapahalaga sa pamilya. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailarawan ang pagpapahalaga sa pamilya.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang pagpapahalaga sa pamilya.
- ◇ Maipakita ang pagpapahalaga sa pamilya sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sabay-sabay na kekembot kung ang pangyayaring babanggitin ng guro ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pamilya at sabay-sabay namang papadyak kung hindi.



Pagtatanim ng Kaalaman


Magandang araw, mga bata!

Alam mo bang kailangan nating pahalagahan ang ating pamilya?

Mayroong iba't ibang paraan ang bawat pamilya upang maipakita ang pagpapahalaga sa mga kasapi nito. Ang isang paraan upang maipakita ang pagpapahalaga sa pamilya ay ang pagsunod o pagtupad ng mga alituntunin dito. Isa ring paraan ang pagpapatuloy ng mga tradisyon tulad ng paggalang sa nakakatanda.



Maipapakita mo ang pagpapahalaga sa pamamagitan ng mga salita at gawa. Maaari itong ipakita sa mga espesyal na araw tulad ng **Araw ng mga Ina** at **Araw ng mga Ama**. Maaari rin itong ipakita sa kanilang mga kaarawan.



Marami pang iba't ibang paraan upang mas maipakita natin ang pagpapahalaga sa kanila:

- Ang pagdarasal nang magkakasama bago kumain at matulog.
- Ang pagkakaroon ng oras upang makapag-usap.
- Ang pagsasabi at pagpapakita ng pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya.
- Ang pagtutulongan sa oras ng pangangailangan.
- Ang pagsuporta sa mga pangarap o nais gawin.
- Ang pagkakaroon ng plano upang makasama ang mga kamag-anak na malalayo.
- Ang pagdiriwang ng mahahalagang okasyon.
- Ang pagsisimba tuwing Linggo.

- Ang pagiging positibo at magalang sa kasapi ng pamilya.
- Ang paggalang sa nakatatanda at bawat kasapi ng pamilya.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga paraan upang maipakita natin ang pagpapahalaga sa ating pamilya.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Gumuhit ng isang gawain kasama ang iyong pamilya na nakatutulong sa iyong kalusugan. Halimbawa, ang paglalakad-lakad, paglalaro sa labas, o pagkain ng masustansyang pagkain. Gawin itong makulay.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin sa lima ang klase. Ang bawat pangkat ay magbabahagi kung paano sila tumutulong sa pagluluto ng kanilang paboritong pagkain na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kanilang pamilya.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo kung paano pinahahalagahan ang ating pamilya.
- Ang mga pagdiriwang ng mahahalagang okasyon at pagsisimba kasama ang pamilya ay isang paraan upang maipakita ang pagpapahalaga sa kanila.

KABANATA 3

TAYO BILANG KASAPI NG PAARALAN

Sa kabanatang ito, matutukoy at mauunawaan ang pagkakakilanlan ng sariling paaralan at ng mga taong bumubuo rito. Makalilikha rin ng likhang-sining tungkol sa sariling paaralan. Ipahahayag din natin ang mga ito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



ARALIN 13

Ang Ating Paaralan



Matututuhan mo sa araling ito ang mga impormasyon tungkol sa ating paaralan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailahad ang mga batayang impormasyon tulad ng pangalan ng sariling paaralan.
- ◇ Matukoy at makilala ang pisikal na kapaligiran ng paaralan.
- ◇ Maipakita ang pagpapahalaga sa iba't ibang pisikal na kapaligiran ng paaralan sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Kakantahin ninyo ang himno ng paaralan o *school hymn* sa pangunguna ng inyong guro.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Alam mo ba ang pangalan ng ating paaralan? Ano ito?

Ang **paaralan** ay isang pook pang-edukasyon na ang layunin ay maturuan ng kaalaman ang bawat mag-aaral. May iba't ibang silid at gusaling matatagpuan sa ating paaralan. Ang bawat bahaging ito ay may iba't ibang gamit na maaaring makatulong sa mag-aaral.



Ang **silid-aralan** ay isang silid upang matuto ang mag-aaral ng iba't ibang kaalaman tulad ng pagsusulat, pagbabasa, pagbibilang, at marami pang iba. Dito tayo nag-aaral kasama ang ating mga kaklase.



Sa **kantina** bumibili ng pagkain kapag walang dalang baon ang mag-aaral. Madalas din nating kasama rito kumain ang ating mga kaibigan.



Sa **silid-aklatan** madalas humihiram at nagbabasa ng libro ang mga mag-aaral. Tahimik at maayos ang lugar na ito; kadalasan ay ipinagbabawal ang pag-iingay.



Sa **klinika** pumupunta ang mag-aaral na may nararamdamang sakit o sugat para gamutin ng doktor o nars.



Sa **gymnasium** madalas ginagawa ang mga larong pampalakasan at iba't ibang pagtitipon sa paaralan.





Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat ang iyong pangalan sa patlang at basahin ang pangako sa iyong paaralan.

Ako si _____

Ipinapangako ko na aalagaan at pahahalagahan ko ang aking paaralan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Tayo ay maglalaro ng *Scavenger Hunt*! Hanapin mo ang iba't ibang bagay o gamit na itinago ng iyong guro sa loob ng inyong silid-aralan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang mga pisikal na kapaligiran ng paaralan tulad ng silid-aklatan, klinika, kantina, at iba pa.
- Kailangan nating pahalagahan ang ating paaralan dahil dito tayo natututo ng mga kaalaman.
- Mahalaga ang pagtutulungan na panatilihing malinis at maayos ang paaralan.

ARALIN 14

Mga Epekto ng Pisikal na Kapaligiran sa Sariling Pag-aaral

Matututuhan mo sa araling ito ang mga epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon tungkol sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailahad ang epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang mga epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral.
- ◇ Maipakita ang epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: *Stop Dance!* Magsasayawan tayo! Ikaw ay hihinto sa pagsasayaw sa tuwing babanggitin ng guro ang mga HINDI nakatutulong sa pag-aaral.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Ating tinalakay sa nakaraang aralin ang iba't ibang pisikal na kapaligiran ng paaralan. Ngayon naman, ating tatalakayin ang mga epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral.

Basahin natin ang iba't ibang epekto ng kapaligiran sa mag-aaral:

Kapag madilim sa loob ng paaralan, mahihirapan tayong makapagbasa, makapagsulat, at makakita. Hindi rin ligtas ang paglalakad sa loob nito.



Kapag marumi ang palikuran maaaring makakuha ng sakit ang mga gagamit nito.



Kapag masyadong mainit sa loob ng silid, hindi tayo makakapag-aral nang mabuti. Mahihirapan din ang mga guro na gawin ang kanilang mga gawain.



Nakakaistorbo rin kapag maingay ang kapaligiran ng paaralan. Mahihirapang magkarinigan ang mga mag-aaral at guro. Mahihirapan din tayong magbasa at mag-aral.






Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Humingi ng tulong sa guro o nakatatanda. I-video ang sarili habang tumutulong sa paglilinis ng silid-aralan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maglalaro tayo ng *Trip to Jerusalem!* Sa tuwing magbabanggit ang guro ng mga pangyayaring nakatutulong sa pag-aaral, kayo ay uupo.





Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo na ang maayos at malinis na kapaligiran ng paaralan ay nakatutulong sa pag-aaral.
- Mahalagang malaman natin na ang sariling kilos ay nakakaapekto sa ating kapaligiran.

ARALIN 15

Ang Iba't Ibang Tungkulin sa Paaralan



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang tungkulin ng mga tao sa paaralan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailahad ang iba't ibang tungkulin ng mga tao sa paaralan.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang iba't ibang tungkulin ng mga tao sa paaralan.
- ◇ Maipakita ang iba't ibang tungkulin ng mga tao sa paaralan sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Bigkasin nang sabay-sabay:

Ako ay nag-aaral sa _____.

Nagpapasalamat ako sa mga kasapi nito. Kayo ang dahilan kung bakit nananatiling maayos at masagana ang ating paaralan.



Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Alam mo ba kung sino-sino ang taong nakikita mo sa ating paaralan at ang kanilang mga tungkulin?

Mayroong iba't ibang tungkuling ginagampanan ang bawat kasapi ng ating paaralan:

Ang **mag-aaral** ay may tungkuling mag-aral nang mabuti, sumunod sa mga guro, at magpakita ng respeto sa kapwa mag-aaral at iba't ibang kasapi ng paaralan.



Ang mga **guro** ang nagtuturo ng mga kaalaman na makatutulong sa atin tulad ng pagbabasa, pagsusulat, pagbibilang, kabutihang asal, at marami pang iba.



Ang **doktor** o **nars** ang nag-aalaga sa kalusugan ng mag-aaral, tungkulin nilang tumulong upang masiguradong malusog at ligtas sa sakit ang mga mag-aaral at iba pang kasapi ng paaralan.



Ang mga **guwardya** ang nagbabantay sa ating paaralan at tungkulin nilang pangalagaan ang ating kaligtasan mula sa mga masasamang tao na maaaring pumasok sa paaralan.



Ang **punong guro** ay may tungkuling pamunuan ang buong paaralan at tiyakin ang kaayusan at kagandahan ng paaralan.



Ang mga **dyanitor** ang nagpapanatiling malinis, maayos, at may kaayusan ang mga kagamitan at bawat lugar sa paaralan.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: *Mix and Match!* Papangkatin ang klase sa tig-lilimang miyembro. Ipagpapares ng bawat pangkat ang kasapi ng paaralan at ang larawan nito. Paunahan sa paggawa nito.

Guro			



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maglalaro tayo ng Tumbang Preso! Maglalagay ng isang lata sa harapan ng silid at ang bawat mag-aaral ay may tsinelas na ibabato sa lata tuwing magbabanggit ang guro ng tamang tungkulin ng mga kasapi ng paaralan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba't ibang tungkulin ng mga kasapi ng ating paaralan.
- Tandaan, ang bawat isa ay may iba't ibang tungkuling ginagampanan upang maging maayos at masagana ang ating paaralan.

ARALIN 16

Ang Iba't Ibang Alituntunin sa Paaralan

Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang alituntunin sa paaralan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailahad ang iba't ibang alituntunin sa paaralan.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang iba't ibang alituntunin sa paaralan.
- ◇ Maipakita ang iba't ibang alituntunin sa paaralan sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Bigkasin nang sabay-sabay ang pangako para sa paaralan.

Ako ay nangangakong susundin ko ang bawat alituntunin sa aming paaralan.



Pagtatanim ng Kaalaman

Kumusta mga bata? Sa nakaraang aralin, ating tinalakay ang iba't ibang tungkulin ng mga kasapi ng paaralan. Ngayon naman, ating tatalakayin ang iba't ibang alituntunin sa paaralan.

Pansinin mo ang paligid sa iyong paaralan. Maraming mga nakapaskil sa paligid nito na nagsasabi ng mga dapat o hindi dapat gawin habang ikaw ay nasa loob ng paaralan. Ang ilan sa halimbawa ng mga alituntunin sa loob ng paaralan ay:



Ipinatatutupad ang mga ito sa loob ng paaralan upang masiguro ang kaligtasan ng bawat mag-aaral. Bukod pa rito, may mga alituntunin ding tungkol sa tamang disiplina tulad ng pagsusuot ng uniporme, pagpasok araw-araw, pagpapanatili sa katahimikan at kaayusan, pagdalo sa *flag ceremony*, pag-iingat sa mga pag-aari ng paaralan, at iba pa.



May mga alituntunin ding ipinatutupad na tumutukoy sa tamang pag-uugali sa loob ng paaralan.



Halimbawa, bawal ang pagkuha ng gamit na hindi sa iyo. Bawal din ang pananakit ng kaklase o ibang kasapi ng paaralan at pandaraya sa mga pagsusulit.



Kailangan mong sundin ang iba't ibang alituntunin sa paaralan upang ikaw ay maging mabuting mag-aaral.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat sa iyong *notebook* ang ✓ kung ang pahayag ay tumutukoy sa alituntunin ng paaralan at ✗ kung hindi ito tumutukoy sa alituntunin ng paaralan.

- _____1. No ID, No Entry.
- _____2. Matulog sa tamang oras.
- _____3. Pumila nang maayos at huwag magtulakan.
- _____4. Tumulong sa mga gawaing bahay.
- _____5. Huwag magkopyahan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maglalaro tayo ng Patintero! Ang buong klase ay papangkatin sa dalawang grupo: ang mga **tagaharang** at ang mga **tatawid** na may hawak na papel na naglalaman ng mga alituntunin sa paaralan. Ang layunin nito ay makatawid nang hindi nakukuha ang papel na hawak ng mga tagaharang.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba't ibang alituntunin sa ating paaralan.
- Kailangan natin sundin ang mga alituntuning ipatutupad upang maging mas maayos at masinop ang ating paaralan.

ARALIN 17

Mga Istrukturang Makikita Patungong Paaralan



Matututuhan mo sa aralin ang mga istrukturang makikita patungong paaralan tulad ng simbahan, parke, ospital, at marami pang iba. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.




Layunin

- ◇ Mailahad ang mga istrukturang makikita sa paaralan.
- ◇ Matukoy at maunawaan ang mga istrukturang makikita patungong paaralan.
- ◇ Maipakita ang mga istrukturang makikita patungong paaralan sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Gumuhit ng isang gusaling iyong nakikita tuwing papasok ka sa paaralan.





Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata!


Ating tatalakayin ang mga istrukturang makikita patungong paaralan. Ngunit bilang panimula, ano-ano ang istrukturang nakikita mo kapag ikaw ay papasok sa paaralan? Ang mga gusali tulad ng tindahan, istasyon ng pulis, ospital, at istasyon ng bumbero ay ilan lang sa mga gusaling madalas nating nakikita sa daan. Maliban sa mga gusali, maaaring makita mo rin ang mga ilaw-trapiko, mga patalastas sa naglalakihang *billboards*, mga puno, at halaman, at mga bantayog.



Istasyon ng
Bumbero



Ospital



Gasolinahan



Parke



Simbahan



Pamilihan



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat sa *notebook* ang 😊 kung ang mga gusaling nabanggit ay nakikita mo tuwing papasok sa paaralan at ☹ kung hindi.

- _____ palengke
- _____ istasyon ng pulis
- _____ parke
- _____ simbahan
- _____ ospital



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maglalaro tayo ng Pitik Bulag! Papangkatin ang klase sa dalawang miyembro. Kinakailangang sabay na magbabanggit ng parehong istruktura ang dalawang manlalaro. Kapag magkapareho ang kanilang nabanggit ay magpapalit sila ng posisyon.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman natin ang iba't ibang gusaling nakikita tuwing papasok sa paaralan tulad ng palengke, bangko, at iba pa.
- Tuwing papasok ka sa paaralan, maraming gusali ang iyong makikita at ang mga ito ay dapat nating pahalagahan.

ARALIN 18

Ang Pagpapahalaga sa Paaralan



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan at pagpapahalaga sa sariling paaralan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Mailahad ang kahalagahan at pagpapahalaga sa sariling paaralan.
- ◇ Matukoy ang kahalagahan at pagpapahalaga sa sariling paaralan.
- ◇ Maipakita ang kahalagahan at pagpapahalaga sa sariling paaralan sa pamamagitan ng sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Ang pagkakaroon ng malinis na paligid sa paaralan ay isang paraan upang maiwasan ang sakit. Humingi ng gabay sa guro o nakatatanda. Ayusin at linisin ang sariling gamit o paligid ng paaralan.




Pagtatanim ng Kaalaman

Magandang araw, mga bata! Tatalakayin natin ang kahalagahan ng ating paaralan. Ngunit bilang panimula, ano ang mga bagay na gusto mo sa inyong paaralan? Bakit mahalaga ang paaralan sa mag-aaral?

Mga Gawain at Pagkilos na Nagpapakita ng Pagpapahalaga sa Paaralan

Tulad ng natalakay sa nakaraang aralin, mahalaga ang mga alituntunin upang maging maayos, ligtas, at disiplinado ang mga mag-aaral at mga kasapi nito.

Maraming paraan para ipakita ang pagpapahalaga mga mag-aaral sa paaralan. Maaari itong pahalagahan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin o kaya sa pagtatapos ng pag-aaral.



Isa sa pagpapakita ng pagpapahalaga sa paaralan ay ang pakikisama o pakikilahok ng bawat mag-aaral sa mga aktibidad o gawain ng kaniyang paaralan.

Kahalagahan ng Paaralan

Karapatan ng kahit sinoman ang edukasyon. Karapatan ng bawat isa na magnais ng magandang kinabukasan. Kaya, mahalaga ang paaralan sa pagkamit nito. Ang pag-aaral ay hindi lamang natatapos sa pagtuturo ng kaalaman gaya ng pagbabasa, pagsusulat, at pagbibilang. Maaari ring malaman ang tungkol sa mga tao, hayop, lugar, kalikasan, at marami pang iba.





Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat sa iyong *notebook* ang **T** kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at **M** kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____1. Mahalaga ang ating sariling paaralan.
- _____2. Gagayahin mo ang iyong kaklase na nagkakalat sa paaralan.
- _____3. Ang pagtatapos ng pag-aaral ang isang paraan upang maipakita ang pagpapahalaga sa paaralan.
- _____4. Susundin ko ang mga alituntunin sa aking paaralan.
- _____5. Hindi ko igagalang ang mga kasapi ng aking paaralan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Tayo ay maglalaro ng *follow the leader*! Pumili ng isang lider at ang bawat isa ay gagayahin ang gagawin ng lider na nagpapakita kung paano ninyo pinahahalagahan ang sariling paaralan. Halimbawa ang pagtatapon ng basura sa tamang basurahan, pag-aayos ng upuan, at marami pang iba.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba't ibang paraan o gawain upang maipakita ang pagpapahalaga sa ating paaralan.
- Ang ating paaralan ang isang paraan upang tayo ay magkaroon ng kaalaman at kasanayan na magiging daan para matupad ang ating pangarap at magkaroon ng magandang kinabukasan.
- Natututuhan din natin sa paaralan ang mga gabay at aral na magagamit sa buhay tulad ng pagiging responsable, masipag, at marespeto sa kapwa.

KABANATA 4

TAYO PARA SA ATING PAMAYANAN

Sa kabanatang ito, ating tatalakayin ang pamayanan at mga bumubuo rito. Mahalagang makita rin natin ang mga dapat nating gawin sa ating pamayanan.



ARALIN 19

Ang Aking Pamayanan!



Matututuhan mo sa araling ito ang mga bumubuo sa ating pamayanan tulad ng tahanan, paaralan, at iba pa. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang kahulugan ng pamayanan.
- ◇ Matukoy ang mga bahagi ng pamayanan.
- ◇ Maipakita ang halaga ng isang pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sa buong klase, ipaparinig ng guro ang awiting “Ako, Ikaw, Tayo’y isang Komunidad”. Tumayo at sabay-sabay natin itong awitin.

“Ako ikaw tayo’y isang komunidad (3x)

Tayo’y isang komunidad la la la

Sumayaw-sayaw at umindak-indak

Sumayaw-sayaw katulad ng dagat

Sumayaw-sayaw at umindak-indak

Sumayaw-sayaw katulad ng dagat





Pagtatanim ng Kaalaman

Ang Pamayanan

Ang pamayanan ay isang lugar kung saan maraming tao ang nabubuhay, nagtatrabaho, at naglalaro.

Sa pamayanan, mayroon tayong mga kapitbahay, mga kaibigan, at iba pa. Ang mga mamamayan ay nagkakaisa at nagtutulong-tulong para sa maayos na pamumuhay. May iba't ibang bahagi ang pamayanan, ating kilalanin ang mga sumusunod:

Ang **barangay** ang namamahala sa pamayanan. Ito ang pinakamaliit na yunit ng pamahalaan na binubuo ng iba't ibang pamilya. Ang barangay ang nagpapanatili ng kaayusan sa pamayanan.



Ang **pamilya** ay binubuo ng magulang at mga anak. Ang mga magulang ang dapat na nag-aalaga at nagbibigay ng pangunahing pangangailangan ng mga anak. Nag-iiba ang katangian ng bawat pamilya

depende sa kanilang lugar, paniniwala, at trabaho.
Matatagpuan sa tahanan ang isang pamilya.



Ang **tahanan** ay ang tinitirhan ng isang pamilya.
Tinatawag itong tahanan kung ang isang pamilya ay
nagsasama, nagtutulungan, at nagmamahalan.



Sa **paaralan** tayo natututo ng mahahalagang aralin.
Natututuhan natin dito na bumasa, sumulat, magbilang,
umawit, at makisama. Ang mga guro ang nagtuturo
sa mga mag-aaral ng mga mahahalagang kaalaman
tulad ng pagbabasa at pagsusulat.



Sa **simbahan** nagdarasal ang mga mamamayan. May iba't ibang uri ng simbahan depende sa paniniwala ng mga tao. May **mosque** ang mga Muslim. May **templo** naman ang mga Buddhist. Ang mga Katoliko naman ay may **kapilya** o **chapel**. Namumuno rito ang pari, ministro, at imam.



Sa **pamilihan** natin nakukuha ang mga pangangailangan ng bawat mamamayan. Ang pagkain, inuming tubig, at damit ang karaniwang itinitinda rito. Matatagpuan din dito ang iba't ibang gusali at mga negosyo.



Sa pamamagitan ng **pagtatrabaho** at **pagbibigay-serbisyo** kumikita ang mga tao para sa kanilang pamilya. Ito ang ginagamit para makabili ng kanilang pangangailangan. Ang bawat kasapi ng pamayanan ay mayroong gampanin na kailangan para magpatuloy ang pamumuhay ng mamamayan.



Sa **pook-libangan** maaaring magsama-sama ang mga mamamayan. Maaari ditong magkwentuhan, maglaro, mag-piknik, at mamasyal ang pamilya at magkakaibigan. Halimbawa nito ang palaruan, sinehan, *mall*, restawran.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Ang bawat pahayag ay bibigkasin ng guro. Pagkatapos, inyong gagawin ang *thumbs up* kung kayo ay sumasang-ayon, at *thumbs down* kung hindi ka sumasang-ayon.



- _____ 1. Natututuhan nating magsulat at bumasa sa mga pook-libangan.
- _____ 2. Para sa iyo, hindi mahalaga ang pamayanan.
- _____ 3. Tungkulin ng mga kasapi ng pamayanan na panatilihin malinis at maayos ang paligid.

_____ 4. Ang bawat isa ay bahagi ng pamayanan.

_____ 5. Sa pamilihan natin nabibili o nakukuha ang mga pangangailangan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin ang buong klase sa apat. Isa-isang magbabahagi ang bawat pangkat ng mga paraan upang makatulong sa pamayanan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo na ang pamayanan ay binubuo ng barangay, pamilya, tahanan, simbahan, pamilihan, trabaho at serbisyo, at pook-libangan.
- Tayong lahat ay bahagi ng pamayanan kaya't ang bawat isa sa atin ay may tungkulin na kailangang gawin para sa ikabubuti nito.

ARALIN 20

Ang Aking Pamilya at Paaralan!



Matututuhan mo sa araling ito ang mga bumubuo sa ating pamilya at paaralan. Aalamin din natin ang mga tungkulin ng pamilya at paaralan sa pamayanan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mga kasapi ng pamilya at paaralan.
- ◇ Matukoy ang tungkulin ng pamilya at paaralan sa pamayanan.
- ◇ Maipakita ang halaga ng tungkulin ng pamilya at paaralan sa pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Ipaparinig sa buong klase ang awiting “Masaya Kung Sama-sama”. Sabay-sabay natin itong awitin.

Masaya kung sama-sama ang
magkakaibigan

Lalo na kung may awitan at may tawanan
Kay inam ng buhay kung nagmamahalan
Masaya kung sama-sama at may bigayan

Masaya kung sama-sama ang
magkakaibigan

Lalo na kung may awitan at may tawanan
Kay inam ng buhay kung nagmamahalan
Masaya kung sama-sama at may bigayan
Kay inam ng buhay kung nagmamahalan
Masaya kung sama-sama at may bigayan



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang Pamilya

Tungkulin ng pamilya na pangalagaan ang mag-anak. Sa pamilya unang natututuhan ng bata ang kabutihang asal at pakikisama sa kapwa. Sa tahanan unang natututong magsalita at makitungo ang bata.

Nagsisimula tayong makapagbasa sa tulong ng kaniyang mga magulang.



Ang **pamilya** rin ang nagbibigay ng pangunahing pangangailangan ng mag-anak gaya ng pagkain, damit, at tirahan. Ang kaginhawahan sa pamayanan ay makakamit kapag natutugunan ng mga pamilya ang kanilang pangangailangan. Tungkulin din ng pamilya na panatilihin ang malusog ang mag-anak. Nagsisimula ito sa paglilinis ng bahay, pag-eehersisyo, at pagkain ng masustansya.

Nagkakaiba ang katangian ng mga pamilya depende sa trabaho ng mag-anak. Mayroon ding mga pamilya na malaki at maliit ang bilang. Binubuo ang pamilya ng magulang at anak. May magulang na isa lamang ang nangangalaga sa pamilya. Samantala, may mga pamilya rin na kasama sa tahanan ang Lolo, Lola, Tito, at Tita.




Ang Paaralan

Sa paaralan natututuhan ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang aral. Mayroong dalawang uri ng paaralan—**pribado** at **pampubliko**. Libre ang pag-aaral sa mga pampublikong paaralan, may bayad naman sa mga pribado. Sa paaralan nahahasa ang kanilang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pagbibilang. Tungkulin ng paaralan na maghatid ng libre at may kalidad na edukasyon para sa mamamayan. Ang paaralan din ay nangunguna sa mga programang

pangkalinisan sa pamayanan. Nakikiisa rin ang paaralan sa pagpapanatili ng kapayapaan sa pamayanan.



Ang mga guro ang nagtuturo sa paaralan. Ang punong-guro o *principal* naman ang namumuno sa paaralan. Tinatawag na mag-aaral ang pumapasok sa paaralan para matuto. Kasama rin sa paaralan ang mga kawani. Ang gwardiya ang nagpapanatili ng kaligtasan sa paaralan. Samantala ang mga dyanitor ang naniniguro na malinis na ang paaralan.



Mahalaga ang paaralan sapagkat inihahanda nito ang bata sa magiging trabaho nila sa pamayanan. Ang kanilang mga natutuhan ay maaaring magamit sa kanilang paglaki.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Iguhit sa iyong *notebook* ang parisukat. Kulayan ito ng asul kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at kulayan ng dilaw kung hindi ka sumasang-ayon.



- _____ 1. Ang pamilya ang dapat nagkukusang maglinis ng kanilang sariling paligid.
- _____ 2. Hindi mahalaga ang pagkakaisa sa pamayanan.
- _____ 3. Dapat hayaan ng paaralan matuto ang mag-aaral sa kanilang mga sarili.
- _____ 4. Hindi mo magagamit sa paglaki ang mga aral mula sa paaralan.
- _____ 5. Dapat lamang na mayroong mga gawain ang pamilya at paaralan na nakatutulong sa pamayanan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa dalawa ang buong klase.

Ang **unang grupo** ay mag-aakto ng mga gawain sa paaralan na nakatutulong sa pamayanan. Ang **ikalawang grupo** naman ay mag-aakto ng mga gawain sa pamilya na nakatutulong sa pamayanan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Tungkulin ng pamilya na maibigay ang pangangailangan ng bawat kasapi nito.
- Ang paaralan ang nagtuturo sa ating magbasa, magsulat, magbilang, at iba pa.
- Tungkulin ng paaralan na magbigay ng kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.

ARALIN 21

Ang Iba pang Bahagi ng Aking Pamayanan



Matututuhan mo sa araling ito ang iba pang bahagi ng pamayanan tulad ng simbahan, pook-libangan, ospital, at iba pa. Aalamin natin ang kanilang mga tungkulin para sa mamamayan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang iba pang bahagi ng pamayanan.
- ◇ Matukoy ang iba pang bahagi ng pamayanan.
- ◇ Maipakita ang halaga ng iba pang bahagi ng pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Tumayo ang lahat at kantahin nang sabay-sabay ang awiting “Ako ay Kapitbahay”.

“Ako ang kapitbahay, kapitbahay mo
Laging handang tumulong sa inyo
Kilala n’yo ako
Kilala n’yo ako
Ako’y isa sa kapitbahay
Kapitbahay ninyo.”



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang Simbahan

Ito ang nagbibigay ng ispiritwal na pangangailangan ng mga mamamayan. Ang simbahan ay samahan ng mga naniniwala sa Panginoon. Mayroong iba't ibang paniniwala sa isang pamayanan. Mahalagang igalang ang paniniwala ng iba't ibang kasapi o ng pamayanan. Mayroong iba't ibang uri ng pook sambahan ang mga naniniwala. Ang kapilya ay para sa mga Kristiyano. **Pastor** ang tawag sa mga namumuno sa mga Kristiyano. **Mosque** para sa mga **Muslim**. **Templo** para sa mga Budista. **Pari** ang tawag sa mga namumuno sa simbahang Katoliko. Imam naman sa mga Muslim. **Mongha** para sa mga Budista. Kasama ng pamayanan ang simbahan sa pagnanais ng payapang pamumuhay.





Ang Ospital

Mahalaga ang kalusugan ng pamayanan. Ang bawat pamayanan ay mayroong mga ospital na nagbibigay ng payo tungkol sa kalusugan. May mga botika ring nabibilhan ng abot-kayang gamot o hindi kaya'y nagbibigay ng libreng gamot. Ang mga doktor ang gumagamot sa mga may sakit, kasama niya ang mga nars at komadrona. Ang nars ang unang tumitingin at nag-aalaga sa pasyente. Ang komadrona naman ang tumutulong sa panganganak. Ang malusog na pamayanan ay maginhawa ang pamumuhay.



Ang Pulis at Bumbero

Ang mga **pulis** ang tumutulong sa pagiging payapa ng pamayanan. Sila ang humuhuli sa masasamang loob na lumalabag sa batas. Sila rin ang maaaring hingan ng tulong kung sakaling nasa panganib ang iyong buhay. Mahalaga ang pulis para mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa pamayanan. Katulong nila ang mga tanod upang mapanatili ang kapayapaan.



Ang mga **bumbero** naman ang hinihingan ng tulong kapag mayroong mga panganib gaya ng sunog at lindol. Sila ang nangunguna sa pagliligtas ng mga tao at gusali sa oras ng sakuna.



Ang Pamilihan at Serbisyo

Sa **pamilihan** nabibili ang mga kailangan ng pamilya tulad ng pagkain, damit, at iba pa. Sa pamilihan nagsasagawa ng negosyo para kumita ang mga nagtitinda. Kapag mayroong kita mas maraming produkto ang magagawa at maibebenta.



Ang bawat mamamayan ay mayroong trabaho. Sila ang nagbibigay ng serbisyo para sa mamamayan. Halimbawa ay doktor, nars, guro, *manager*, dyanitor, gwardya, drayber, at mga nagwawalis sa kalsada. Mayroon silang sahod upang mabili rin ang kailangan ng pamilya.

Pook-libangan

Ang **pook-libangan** ay bahagi ng pamayanan kung saan maaaring magsama-sama ang magkakaibigan at pamilya. Sila ay maaaring maglaro, kumain, at

mamasyal. Halimbawa nito ang palaruan, sinehan, mall, at mga restawran.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin kung anong bahagi ng pamayanan ang inilalarawan sa bawat pahayag.

- _____ 1. Ito ang nagbibigay-payo tungkol sa kalusugan.
- _____ 2. Ito ang nagbibigay ng ispiritwal na pangangailangan ng mamamayan.
- _____ 3. Sila ang hinihingan ng tulong kapag may mga panganib tulad ng sunog.
- _____ 4. Ito ay bahagi ng pamayanan kung saan maaaring magsama-sama ang magkakaibigan at pamilya.

_____ 5. Sila ang tumutulong upang maging payapa sa pamayanan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Tumayo ang lahat at pumabilog. Habang nagpapatugtog, pagpasa-pasahan ang bola at kapag tumigil ang tugtog, kailangang magbigay ng halimbawa ng mga taong kasama sa pamayanan (halimbawa: pulis, bumbero, doktor).



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang iba pang mahahalagang bahagi ng pamayanan tulad ng pamilihan, simbahan, pook-libangan, at ospital.
- Natukoy rin natin ang mga mahahalagang kasapi ng pamayanan tulad ng tindera, doktor o nars, pulis, at bumbero.
- Sinisigurado nila na ang buhay ng mga kasapi ng pamayanan ay mapayapa, malusog, at maginhawa.

ARALIN 22

Mahalaga ang Aking Pamayanan



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng pamayanan. Tatalakayin dito ang papel ng bawat isa sa pagsasaayos ng pamayanan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang kahalagahan ng pamayanan.
- ◇ Matukoy ang mahalagang tungkulin sa pamayanan.
- ◇ Maipakita ang halaga ng pagiging bahagi ng pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Tumayo ang lahat at kantahin nang sabay-sabay ang awiting “Kaibigang Manggagawa”. Maaari kayong magbigay ng sariling halimbawa sa mga panaklong.

Kaibigan ko kaibigan mo
Kaibigan ng buong mundo
Halina at kilalanin ninyo
Ang kaibigan ko
Ako’y isang (bumbero)
Sa (sunog) ay maaasahan ninyo
Anomang oras na kailangan ninyo
Ay darating ako
Kaibigan ko kaibigan mo
Kaibigan ng buong mundo
Halina at kilalanin ninyo
Ang kaibigan ko



Pagtatanim ng Kaalaman

Mahalaga ang pamayanan sa buhay ng tao. Kaya naman ating tatalakayin ang iba't ibang kahalagahan nito.

Tahanan ng Pamilya

Nakatira ang mga pamilya sa pamayanan.

Mahalaga ang pamayanan sa pamilya dahil isa ito sa pinagkukunan natin ng pangangailangan. Ang bawat pamilya sa pamayanan ay nagkakasundo at nagkakaisa. Bawat pamilya ay dapat na tumulong sa panahon ng kagipitan. Iginagalang din ng pamilya ang kanilang kapwa. Dahil dito, nagiging payapa ang pamayanan.



Pagkakaibigan

Nagkakaroon tayo ng kaibigan sa pamayanan at ang ating mga kapitbahay ay maaari nating maging kaibigan. Mahalagang maging mabait sa ating kapwa dahil sa pamayanan maaaring mabuo ang mabuting samahan. Sila rin ang maaaring makasama para maging masaya ang ating araw.



Kaligtasan at Kapayapaan


Mahalaga ang pamayanan para sa kaligtasan ng bawat isa. Ang mga **pulis** ay tagapagpanatili ng kapayapaan. Sila ang pumipigil sa mga masasamang loob. Dahil sa kapulisan sa pamayanan, may mahihingan ng tulong sa oras ng panganib. Mabubuhay nang mapayapa ang lahat kung susunod sa batas.

Sa oras naman ng panganib, maaasahan ang mga **bumbero**. Sila ang nag-aapula ng apoy at tumutulong sa mga tao kapag kailangang lumikas. Sa oras ng pagbaha, sila rin ang isa sa nagpapamahagi ng mga ayuda.



Pangangalaga sa Kalusugan

Mahalaga ang pangangalaga sa kalusugan ng bawat kasapi ng mamamayan. Kapag malusog ang bawat kasapi ng mamamayan, mas maganda ang takbo ng pamayanan. Sa pagiging bahagi ng pamayanan, makasisiguro ang lahat na mabibigyan ng atensyong medikal sa oras ng pagkakasakit. Mahalaga rin na mabigyan ang bawat isa ng abot-kayang gamot.



Pangangalaga sa Kalikasan

Sa kalikasan natin kinukuha ang pagkain sa pamayanan. Mahalaga ang pangangalaga ng pamayanan sa kalikasan. Sa pagpapanatili ng kalinisan, mapipigilan ang mga sakit. Magiging maganda ang pagtubo ng halaman. Mabubuhay rin ang mga hayop. Mayroon tayong mapagkukunan ng makakain at malinis na inumin.



Pagkatuto

Sa pamayanan tayo natututo. Ang paaralan ang nagtuturo ng mahahalagang kaalaman. Natututo rin tayo sa ating kapaligiran at kung paano ito alagaan. Sa iyong paglaki, marami kang matututuhang kakayahan at kaalaman.

Paniniwala

Ang bawat kasapi ng pamayanan ay may iba't ibang paniniwala. Kailangan nating igalang ang paniniwala ng bawat isa sa pamayanan.





Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat sa iyong notebook ang **T** kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at **M** kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____ 1. Ang halimbawa ng trabaho ay doktor, nars, dyanitor, guro, at iba pa.
- _____ 2. Maaari tayong maglaro at mamasyal sa loob ng ospital.
- _____ 3. Hindi mahalaga ang kalusugan sa loob ng pamayanan.
- _____ 4. Sa pamilihan natin nabibili ang ating mga pangangailangan.
- _____ 5. Ikaw ay tatawag ng pulis kapag nakita mong ninakawan ang iyong kapitbahay.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Isa-isang tumayo ang mag-aaral. Banggitin ang pag-aalaga at pagmamahal sa pamayanan.

Ako si _____.

Inaalagaan at minamahal ko ang aking sariling pamayanan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Nalaman mo ang kahalagahan ng pamayanan dahil sa nabubuong pagkakaibigan, pangangalaga sa kalikasan, kalusugan ng bawat mamamayan, pamumuhay nang payapa, at ligtas.
- Ang bawat kasapi ng pamayanan ay mayroong tungkulin para sa ikauunlad nito.

ARALIN 23

Mga Suliranin sa Aking Pamayanan



Matututuhan mo sa araling ito ang iba't ibang suliranin na kinakaharap sa pamayanan. Tatalakayin din ang ginagawa ng pamayanan para masolusyunan ito. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mga suliranin sa pamayanan.
- ◇ Matukoy ang mga hakbang upang masolusyonan ang suliranin.
- ◇ Maipakita ang halaga ng pagiging bahagi ng pagbibigay-solusyon sa suliranin sa pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Tumayo ang lahat at kantahin nang sabay-sabay ang awiting “Magtanim Tayo ng Puno”.

Kalikasan ay mahalín natin

Ingatan ang mga puno huwag putulin

Ang pagtapon ng basura ay alalahanin

Dahil polusyon, nararamdaman natin

Magtanim, tayo ay magtanim

Ng mga puno sa paligid natin

Upang bagyo’y kakayanin

Mga puno ating pahalagahan

Kay gandang pagmasdan ang bukirin

Berdeng kabukiran at preskong hangin

‘Di alintana ang init sa tanawin

Dahil kay ganda sa paligid namin

Tayo ay magtanim ng mga puno

Alagaan para sa ating kalikasan

Nakakatulong sa polusyon ngayon
Nagbibigay-preskong hangin sa nayon

Magtanim, tayo ay magtanim
Ng mga puno sa paligid natin
Upang bagyo'y kakayanin
Mga puno ating pahalagahan



Pagtanim ng Kaalaman

Ang bawat pamayanan ay may kinahaharap na suliranin. Maraming mamamayang apektado kapag may suliranin sa pamayanan. Kaya naman ang bawat isa ay dapat na makilahok sa pagbibigay ng solusyon.

Problema sa Kalikasan

Nagiging suliranin ng pamayanan ang kawalan ng kalinisan. Dahil ito sa pagtatapon ng mga basura sa paligid. Kapag marumi ang paligid, maaaring mamatay ang mga isda sa ilog at magkasakit ang mga alagang

hayop. Ang kalinisan ay laging nagsisimula sa inyong tahanan.



Maruming Hangin

Nagiging marumi ang hangin dahil sa usok ng mga sasakyan. Ang mga may-ari ng sasakyan ay kailangang ipakumpuni ang makina nito para hindi magbuga ng maruming usok. Nagpaparumi rin sa hangin ang maruming usok na nagmumula sa mga pabrika. Ang pamayanan din ay dapat pinaalalahanan ang mga ito na sumunod sa batas upang magkaroon ng malinis na hangin. Ang maruming hangin ay nagmumula rin sa pagsusunog ng basura. Kaya naman, kailangang itapon ang basura sa tama nitong lalagyan.



Kahulugan sa Pamayanan

Kung minsan, nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan o kaguluhan sa pamayanan. Ang mabuting pakikitungo sa isa't isa ang maaaring maging solusyon dito at ang pakikipagkaibigan sa mga kasapi ng pamayanan. Mahalaga rin ang pagsunod natin sa batas.



Problema sa Kalusugan

Nagkakasakit ang mga tao dahil sa maruming paligid. Maaari itong makuha sa hangin, tubig na iniinom, at mga kinakain. Nabubuhay ang daga, ipis, langaw, at lamok sa maruruming paligid. Ang mga ito ang nagiging dahilan ng mga sakit sa pamayanan. Ang paglilinis ay isa sa hakbang para solusyunan ito. Ang mga ospital din ay kumpleto sa mga gamot at kagamitan para gamutin ang sinomang may sakit.



Natural na Sakuna

Hindi maiiwasan ang mga bagyo, lindol, at pagputok ng bulkan. Kailangang laging handa ang pamayanan sa oras ng sakuna. Ang mga eksperto ay laging nagpapaalala at gumagabay sa mga dapat na gawin kapag may sakuna. Kailangan natin itong sundin para maging ligtas ang lahat.



Suliranin sa Pamumuhay

Sa pamayanan, mayroong mga taong maginhawa ang buhay ngunit may ilan ding nangangailangan. Mahalagang ang lahat ay mayroong nakakain, malinis na tubig na naiinom, at maayos na tirahan. Lahat din ay dapat na nakakapag-aral at may sapat na kita.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat sa iyong *notebook* ang ✓ kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at ✕ kung hindi ka sumasang-ayon.


- _____ 1. Magiging malusog ang pamayanan kapag malinis ang ating kapaligiran.
- _____ 2. Hindi na dapat nag-uusap ang mga tao sa pamayanan upang maging payapa at tahimik ito.

- _____ 3. Ang mga suliranin sa pamayanan ay kadalasang dulot ng mga tao.
- _____ 4. Hindi nagdudulot ng suliranin ang kalikasan.
- _____ 5. Kailangan nating maging handa tuwing may sakuna o suliranin.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Alamin ang dapat gawin kapag may lindol. Gawin nang sabay-sabay ang bawat hakbang.



Kapag nasa loob ng gusali o bahay manatili tayong mahinahon at gawin ang *Duck, Cover, and Hold*:

- Yumuko at magtago sa ilalim ng matibay na mesa.
- Takpan o hawakan ang ulo habang nakayuko.
- Kapag malakas ang pagyanig, kumapit sa gilid o paa ng mesa.

- Umiwas sa mga bagay na madaling mabasag at mabibigat na maaaring bumagsak.
- Pagkatapos ng lindol, lumabas sa gusali o bahay at pumunta sa *open area* o *evacuation area*.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Maaaring dulot ng kalikasan o mga tao ang iba't ibang suliraning nararanasan sa loob ng isang pamayanan.
- Kaya naman, nararapat lamang na magtulungan ang mamamayan para sa maunlad, malinis, malusog, at maayos na pamayanan.

ARALIN 24

Mahahalagang Impormasyon sa Aking Pamayanan



Matututuhan mo sa araling ito ang mga bahagi ng sariling pamayanan. Kikilalanin natin kung sino-sino ang bumubuo sa sariling pamayanan. Ating ipahahayag ang ating saloobin at opinyon sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mahahalagang impormasyon ng sariling pamayanan.
- ◇ Matukoy ang tungkulin ng mga kasaping ito ng pamayanan.
- ◇ Maipakita ang halaga ng mga kasaping ito sa sariling pamayanan sa pamamagitan ng musika, sining, pisikal na edukasyon, at kalusugan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Mahalagang malaman kung sino ang mga kasapi ng ating pamayanan. Tumayo ang lahat at kantahin nang sabay-sabay ang awiting “Mamang Sorbetero” ni Celeste Legaspi.

Mamang sorbetero, anong ngalan mo?
Tinda mong *ice cream*, gustong-gusto ko
Init ng buhay, pinapawi mo
Sama ng loob, nalilimutan ko
Mamang sorbetero, tayo’y sumayaw
Kalembang mong hawak, muling ikaway



Batang munti, sayo’y naghihintay
Bigyang-ligaya ngayong tag-araw
Masdan ang ulap sa himpapawid
Korteng sorbetes sa pisngi ng langit
Mata ng dalaga’y nananaginip
Mayro’ng sikretong nasasa-isip


Mamang sorbetero, tayo'y sumayaw
Kalembang mong hawak, muling ikaway
Batang munti, sayo'y naghihintay
Bigyang-ligaya ngayong tag-araw
Mainit na labi, nagbabagang mata
Sunog na pag-ibig, parang awa mo na



Mamang sorbetero, o, nasaan ka?

Init ng buhay, pawiin mo na

Mamang sorbetero, tayo'y sumayaw
Kalembang mong hawak, muling ikaway
Batang munti, sayo'y naghihintay
Bigyang-ligaya ngayong tag-araw






Pagtatanim ng Kaalaman

Halina't ating alamin ang iba pang kasapi ng ating pamayanan at ang mahahalagang impormasyon tungkol dito.

Kapitan ng Barangay

Ang **kapitan** ng barangay ang namumuno sa pamayanan. Siya ang nagpapatupad ng mga programa o proyekto para sa ikagaganda at ikabubuti ng pamayanan. Maaari niya ring ayusin ang away o hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng magkakapitbahay. Kilala mo ba kung sino ang kapitan sa inyong barangay?




Kagawad at Tanod

Ang mga **kagawad** ang kasama ng kapitan sa pagpapatupad ng mga proyekto. Maaari silnga mag-apruba ng iba't ibang programa gaya ng libreng pagkain, *medical mission*, at programang panlibangan.



Ang mga **tanod** naman ang nagpapanatili ng kaligtasan sa pamayanan. Sila ang nagbabantay para mapigilan ang mga kaguluhan. Kilala ninyo ba kung sino ang kagawad at tanod sa inyong barangay?



Doktor, Nars, at Komadrona

Sila ang nagpapatakbo sa ospital ng pamayanan. Ang **doktor** ang gumagamot sa mga taong may sakit. Siya rin ang nagbibigay ng gamot na dapat inumin. Ang **nars** naman ang unang tumitingin sa pasyente. Siya rin ang nagbibigay ng paunang lunas sa mga may sakit. Ang **komadrona** ang tumutulong sa panganganak at pagbibigay ng payong kalusugan sa mga ina.



Kaminero, Dyanitor, at Kolektor ng Basura

Mahalaga ang kalinisan sa pamayanan. Ang **kaminero** ang naglilinis ng mga kalsada. Ang **dyanitor** ang naglilinis sa paaralan at iba pang gusali. Ang **kolektor ng basura** ang kumukuha ng mga basura sa bawat bahay at iba't ibang lugar sa pamayanan. Kahit na may naglilinis sa pamayanan, mahalagang ang bawat isa ay magpanatili ng kalinisan.



Mga Guro at Punongguro

Ang **guro** ang naghahatid ng mahahalagang aral at kaalaman sa mga klase. Ang **punongguro** ang namumuno sa paaralan. Siya ang nagpapatupad ng mga alituntunin sa paaralan. Sila rin ang nag-aayos ng mga suliranin o problema sa paaralan.



Pulis at Bumbero

Kapag may gulo at panganiib sila ang tatawagin. Ang **pulis** para sa mga masasamang loob. Ang **bumbero** para sa sunog. Ano ang naitutulong ng pulis at bumbero sa buhay ng bawat isa?



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Iguhit sa iyong *notebook* ang ☀ kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at 🌙 kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____ 1. Hindi ko dapat kilalanin ang mga kasapi sa aking pamayanan.
- _____ 2. Ang bumbero ang gumagamot sa mga may sakit.
- _____ 3. Kailangan nating ipakita ang respeto sa bawat kasapi ng pamayanan.

_____ 4. Hindi mahalaga ang mga gawain ng mga kasapi sa pamayanan.

_____ 5. Dapat nating pasalamatan ang mga kasapi na tumutulong sa ating pamayanan.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin sa tatlo ang buong klase. Pipili ang bawat pangkat kung sila ay magiging pulis, bumbero, o doktor. Ang bawat pangkat ay mag-aakto ng mga gawain ng napili at kung paano sila nakatutulong sa pamayanan.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Mahalagang malaman natin ang iba't ibang kasapi ng ating pamayanan at kung ano ang mga nagagawa at naitutulong nila sa atin.
- Kaya naman, dapat natin silang pasalamatan at pahalagahan.